SIGARILYAS

Scientific Name: ***Psophocarpus tetragonolobus (Linn.) DC.***
Family: **Leguminosae**

Ang seguidillas o sigarilyas ay isa rin kilalang gulay ditto sa Pilipinas. Ito'y pangmatagalang pananim na nakatutubong mabuti sa lupang tumana. Maitatanim ito mula Abril hanggang Hunyo at mula Setyembre hanggang Disyembre.

Paraan ng Pagtatanim

Ihandang mabuti ang lupa. Magtanim ng 2-4 na buto sa may 3 sentimetrong lalim na butas sa bawat tundos na isang metrong agwat sa hanay ng mga tudling na may 1.5 metrong pagitan. Maglagay ng mga tulos na kahoy o kaya'y balag na 1.5 metrong taas upang may magapangan ang tanim.

Maglagay ng abono upang makaani nang marami sa loob ng maraming taon. Magtanim ng 6-8 kilong binhi sa isang ektarya. Pagkaraan ng 4-5 buwan pagkatanim ay mamumunga na ito.